

E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino

Gilana, Angelica ✉

Sorsogon State University – SDO Sorsogon, Philippines (angelica.frayna@deped.gov.ph)

Marbella, Felisa

Sorsogon State University – SDO Sorsogon, Philippines (felymarbella03@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 28 August 2023

Revised: 8 September 2023

Accepted: 19 September 2023

Available Online: 19 September 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.61

Abstract

This study finds out the use of E-Gramatika: Elektronikong Modyul Tulong sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino in aid in teaching Grammar in Gate National High School, Gate Bulan, Sorsogon, School Year 2022-2023. The researcher employed a descriptive-development research design. Respondents of this study are 30 grade 9 students and 5 master Teachers from the Schools Division of Sorsogon teaching Filipino subject. the researcher conducted an interview to find out the experiences of the students used E-Gramatika. To validate the effectiveness of E-Gramatika as tool for teaching the researcher provide a checklist. The data collected were corroborated and statistically interpreted accordingly. E-Gramatika: Elektronikong Tulong sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino features the following; QR Code and includes output, pre-test, review, discussions, assessment, generalization, valuing and post-test. The created E-Gramatika is validated according to the content presented, format, presentation and order, correctness and timely information. students' experiences in using E-Gramatika is interactive study, time unbounded, easy to comprehend, and user friendly and accessible through android phone of the students. the E -Gramatika undergoes revision according to the recommended modifications: improvement of Design and layout, simple and striking illustrations, coherent direction of the activities and correctness of words and phrases for a more comprehensible activity for the user.

Keywords: E-Gramatika, Filipino grammar, teaching module, teaching materials

E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino

1. Introduksyon

Ang guro ang siyang instrumento upang mapatibay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wika at komunikasyon. Isa sa mga salik ng wika at komunikasyon ang paggamit ng balarila. Ayon kay Misa (2021) ang balarila ay tinukoy bilang paraan ng pagmamaniplula at pagsasama-sama ng isang wika ng mga salita upang bumuo ng panibagong kahulugan. Ito ay isang hanay ng estruktural na tuntunin na binubuo ng iba't ibang kayarian tulad ng sugnay, parirala, pangungusap, pagbuo ng mga salita at maging ang paggamit ng wastong salita.

Ang pangunahing layunin ng balarila ay upang mapabuti ang mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mag-aaral. Bilang karagdagan, ito ay makatutulong sa kanila na maging isang mas mahusay na tagapagbalita (Rossiter, 2021). Kaya ang pag-aaral ng wikang Filipino bilang asignatura sa paaralan ay ganap na naiiba. Ang mga alituntunin na dapat sundin sa paggawa ng isang mahigpit na wastong balarila sa talata ay maaaring patunayan na isang hamon kahit para sa mga nasa hustong gulang. Madalas magtanong ang mga mag-aaral kung bakit kailangang gawing mas mahirap ang pagbuo ng pangungusap kumpara sa karaniwang pag-uusap (Astorga Jr, at Vertucio, 2016).

Lumawak ang sinasaklaw ng bawat kurikulum sa iba't ibang antas. Kasabay ng paglinang ng limang makrong kasanayang pagsasalita, pakikinig, pagbasa, pagsulat at panunuod, pinagtuunan ng pansin ang paglinang sa ika-21 siglong kasanayan upang makamtan ang holistikong pagkatuto. Pinagtibay ng kasanayang nabanggit ang mga aralin at layuning nakapaloob sa kurikulum na itinatakda ng Kagawaran ng Edukasyon. Nakasaad sa bawat layunin ang kompetensiyang kinakailangang matamo ng mag-aaral sa isang aralin. Nakatutulong ang pitong (7) kasanayan bilang gabay sa guro sa pagsasanay maging sa kanilang pag-iisip sa nilalaman ng mga gawain at pangkalahatang karanasan ng mag-aaral (Conole, w.p.) . Mula sa pito (7), higit na binibigyang - diin ang apat na pangunahing kasanayan - kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain - dahil nakapaloob din dito ang iba pang mga mahahalagang kasanayan (Brultery, 2015).

Upang matamo ang mga inaasahang bunga ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga guro ay inaasahang makabuo ng isang mabisa at epektibong kagamitang pampagtuturo lalo na sa pagtuturo ng balarilang Filipino. Ang kagamitang pampagtuturo ay isang tulong sa pagtuturo at pagkatuto. Ito ay nakatutulong na itaas ang pagkatuto mula sa salita tungo sa praktikal na aspeto ng pagtuturo at pagkatuto. Ito ay ginagawang kawili-wili, madali, at nakaaaliw ang pagtuturo at pag-aaral.

Ayon kay Uriarte (2019) ang paglinang ng kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong upang mapadali ang gawain sa pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral. Kabilang na sa mga kagamitang pampagtuturo ay ang modyul. Subalit hindi pa rin natugunan ng gobyerno ang mga kakulangan sa batayang pangangailangan sa edukasyon na nagsisilbing pahirap sa mga guro at mga mag-aaral. Bilang tugon sa mga pangangailangan, ang mananaliksik ay naglalayong makabuo ng modyul sa Filipino 9 sa ikaapat na markahan upang higit na makatulong sa pag-unlad ng mga kasanayan.

Isinaad ni Zulueta (2006) na ang modyul ay isa sa pinakakilalang katanggap-tanggap na kagamitang panturo. Ito ay isang inobasyon na tanyag sa mga maunlad at umuunlad na bansa. Ito ay tinukoy bilang isang hanay ng mga pagkakataon sa pag-aaral na sistematikong inorganisa sa paligid ng isang mahusay na tinukoy na paksa na naglalaman ng mga elemento ng mga partikular na layunin sa pagtuturo ng mga aktibidad sa pagtuturo at ang pagsusuri gamit ang mga *criterion reference measures*.

Sa pag-aaral rin na isinagawa ni Gualter (2019) ang paglikha ng mga kurikulum na angkop sa pagbabago ng antas ng pamumuhay. Ngunit sa kasalukuyan, marami pa ring mag-aaral ang may kakulangan sa pag-unawa at

kaalaman sa Filipino. Patunay nito ay ang resulta ng pagganap sa Filipino Grado 7 sa dibisyon ng Lungsod ng Batangas batay sa isinagawang 2018 National Achievement Test. Pumukaw sa interes ng mananaliksik ang pagdebelop ng mga kagamitang panturo sa Filipino na tutugon sa bagong kurikulum na K to 12.

Nararapat na maging inobatibo ang guro at sumabay sa pag-usbong ng makabagong paraan ng pagkatuto. Isa sa kinakailangang gawan ng inobasyon ay ang pagtuturo ng gramatika. Pokus ng kasalukuyang kurikulum na makatugon sa pangunahing layunin ng pag-aaral ng Filipino ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi (DepED Curriculum Guide 2016).

Sa kasalukuyan, itinuturo ng mga guro sa Filipino ang gramatika alinsunod sa nakasaad sa Most Essential Learning Competencies o MELCs gamit ang mga sangguniang ‘learning activity sheets’, Pivot Module at iba pang mga sangguniang aklat sa Filipino. Bagaman sanay na ang mga mag-aaral sa ginagamit na kagamitang panturo mas mainam na maging malikhain, mapamaraan, at maging inobatibo ang guro upang makaagapay sa kasalukuyang kalagayang pang-edukasyon at matugunan ang kakulangan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng gramatika (Misa, 2021).

Binanggit ito ni Lachica (1999) sa kanyang pag-aaral na mahalaga ang ginagampanan ng gramatika sa pagpapahayag. Pinatunayan ito nina Resuello at Funclara (2021) sa kanilang pag-aaral na ang pagtuturo sa mga mag-aaral ng mga tuntunin ng wika ay tungo sa malinaw at maayos na pagsusulat at pagsasalita.

Mahalagang bigyang-tuon ang pagtuturo ng gramatika sa kasalukuyan. Nakasaad sa Deped Order No. 34 s. 2022, na patuloy na gagamitin ang MELC o Most Essential learning competencies sa taong panuruan 2022-2023. Sa unang markahan ay may limang mahalagang kompetensi sa gramatika na kailangang malinang sa mga mag-aaral. Dapat itong mabigyan ng tuon upang matugunan ang kasalukuyang kakulangan na ay kinalaman sa usaping panggramatika. Batay sa pag-aaral na isinagawa nina Hayati et. al (2015) napatunayan na may malaking kontribusyon ang kakayahang panggramatika sa kakayahan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ginawa ni Aniciete (2019) nabatid na maganda ang naidudulot ng pagsasanay panggramatika sa pagsulat ng konseptong papel ng mga mag-aaral. Nakita na mas napaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa gramatika sa pamamagitan ng pagsasanay.

Ang pananaliksik ay tungkol sa E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino ay naglalayong masuri ang epektibong paggamit ng modyul bilang isang tulong sa pagtuturo ng Balarilang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa upang masiguro na ang E-Gramatika ay nagbibigay ng sapat na kaalaman at kasanayan sa mga mag-aaral upang mas mapaunlad pa ang kanilang pagkatuto. Pangunahing layunin sa gayon ng pag-aaral na ito ay alamin ang gamit ng E-Gramatika bilang pantulong sa pagtuturo ng balarilang Filipino.

Layunin ng pag-aaral - Ang layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang (1) itinatampok ng kagamitang pampagtuturo na binuo, (2) kabalido ang binuong kagamitang pampagtuturo (3) karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika, at (4) ang pinagyamang E-Gramatika.

2. Pamamaraang ginamit

Deskriptib-debelopmental na pananaliksik ang ginamit na desinyo ng pag-aaral. Ang mga kalahok dito ay 30 na mag-aaral ng Baitang siyam 9 at limang (5) mga Dalubguro sa Dibisyon ng Sorsogon na mga eksperto sa asignaturang Filipino. Isang interbyu skedyul ang isinagawa ng mananaliksik upang malaman ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino. Sa pag-alam ng itinatampok at gaano kabalido ang kagamitang pampagtuturo na binuo ginamit ng mga eksperto ang tseklist na mula sa Learning Resource Management and Development System (LRMDS) batay sa sumusunod na bahagi: (1) Nilalaman, (2) Pormat, (3) Presentasyon at Organisasyon, at (Kawastuhan).

Ang mga makakalap na datos at kasagutan ng tatlumpong (30) kalahok mula sa Baitang 9 ng Mataas na

Paaralan ng Gate ay isinailalim sa iba't ibang estadistika na angkop sa mga datos. Ginamit ang mean para mabatid ang kabalido at binigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng ng E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino na kagamitang pampagtuturo batay sa Nilalaman; Pormat; Presentasyon at Organisasyon; at Kawastuhan. Sa pagbibigay ng interpretasyon ginamit ang pagbibigay marka sa nakalathalang kagamitan mula sa Learning Resource Management and Development System (LRMDS) at ang standard na iskalang ginagamit. Ang pagbibigay ng interpretasyon para sa Nilalaman, Pormat, Presentasyon at Kaayusan ginamit ang 5-point Likert scale habang sa Kawastuhan at Napapanahon ng Impormasyon ay ginamit ang 4-point Likert scale.

*Batayan: 4.50 – 5.00 Lubos na Sumasang-ayon (LS)
3.50 – 4.49 Sumasang-ayon (S)
2.50 – 3.49 May Pag-aalinlangan (MP)
1.50 – 2.49 Hindi Sumasang-ayon (HS)
1.00 – 1.49 Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS)

*Batayan: 3.50 - 4.00 Walang Mali
2.50 - 3.49 May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin
1.50 - 2.49 May mali nangangailangan ng malaking pagsasa-ayos muli
1.00 - 1.49 Palitan at ayusin, huwag nang suriin

Ang mga nalikom na kasagutan mula sa mga mag-aaral batay sa karanasan sa paggamit ng E-Gramatika, ang mga ito ay idinaan sa masusing pagsusuri gamit ang thematic analysis upang suriin.

3. Natuklasan

Inilahad sa bahaging ito ang interpretasyon at pag-aanalisa sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Ito ay ipinapakita gamit ang angkop na mga talahanayan na sunud-sunod na inayos upang sagutin ang mga problema sa pag-aaral. Ang presentasyon at pagsusuri ng mga datos ay ang mga sumusunod: 1) ang itinatampok ng kagamitang pampagtuturo na binuo, 2) kabalido ng binuong kagamitang pampagtuturo, 3) karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino 4) pinagyamang E-Gramatika.

Ang mga Itinatampok ng Kagamitang Pampagtuturo na Binuo sa Pagtuturo ng Balarila

Sa pagsulat ng mga modyul, ang wasto at angkop na pormat ay kailangan ayon sa pangangailangan. Upang ang mga modyul na ginawa ay madaling maunawaan at sumusunod sa tamang pamantayan (Yulando, Sutopo, at Franklin Chi, 2019).

Ang nabuong E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino ay alinsunod sa Pansangay na Memorandum Blg. 86, s. 2020 na nakabatay sa Panrehiyong Memorandum Blg. 36, s. 2002 hinggil sa Regional Learning Continuity Tasks and Guidelines. Ang mga modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na bahagi: pabalat, karapatang sipi, paunang salita, panimula, layunin, talasalitaan, gawain, pagsasanay, panapos na pagsubok, karagdagang gawain, susi sa pagwawasto, at sanggunian.

Ang nabuong E-Gramatika sa pagtuturo ng balarila sa Baitang 9 sa ikaapat na kwarter ay binubuo ng limang (5) modyul. Ito ay may pangunahing paksa na (1) Mga Angkop na Salita sa Paglalarawan ng: Sariling Pananaw; Pag-iisa-isa at Pagtutunay, (2) Antas ng Pormalidad ng Salita, (3) Tamang Pang-uri sa Pagbibigay Katangian, (4) Angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin at matibay na paninindigan, at (5) Angkop na Ekspresyon sa Pagpapaliwanag, Paghahambing, Pagbibigay Opinyon.

Ang E-Gramatika ay naglalaman ng ilang bahagi upang makatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga bahaging ito ay ang sumusunod: Pabalat, Paunang Salita, Bahagi ng E-FilGraMo, Layunin, Paunang Pagsubok, Gawain sa Pagkatuto, Pagsasanay, Paglalahat, Pagpapahalaga, Panapos na Pagsusulit, Susi ng Pagwawasto at Sanggunian.

Pabalat. Ito ay naglalaman ng larawan ng mga mag-aaral at pamagat ng aralin na nakapaloob sa modyul. Ang larawang ginamit bilang ilustrasyon sa bahaging ito ay larawan ng mga mag-aaral na gumamit ng modyul. Ito ay magsisilbing mukha ng nabuong modyul upang madaling matukoy at magkaroon ng paunang ideya sa nilalaman nito. Ang pagkakaroon ng isang maayos at kawili-wiling pabalat ay makatutulong upang mas lalong mainganyo ang mga mag-aaral na basahin at pag-aralan ang aralin.

Ayon kay Gudinavičius at Šuminas (2018). Ang pagkakaroon ng isang magandang pabalat ng isang aklat o babasahin ay nakakaakit ng atensyon ng isang mambabasa. Ito ang dahilan kung bakit gumaganap ng mahalagang papel ang pabalat ng aklat bilang kasangkapan ng komunikasyon sa mambabasa.

Paunang Salita. Ito ay naglalaman ng gabay sa paggamit ng modyul para sa tagagabay at mag-aaral. Mga paalala sa mga mag-aaral sa pagkatuto at mga tuntunin sa maayos na inaasahang resulta pagkatapos ng paggamit ng modyul. Ang E-Gramatika ay naglalaman ng maikling pagsasalayasay ukol sa pangunahing konsepto na tatalakayin at ang mga inaasahang kahalagahan ng pag-aaral ng nakapaloob na paksa. Sa bahaging ito nagbibigay ng pangkalahatang ideya sa mga mag-aaral at tagagabay kung ano ang kanilang inaasahan sa buong modyul.

Bahagi ng E-Gramatika. Naglalaman ng mga bahagi at icon na matatagpuan sa loob ng modyul. Ang *mga inaasahan* sa bahaging ito malalaman mo ang mga dapat mong matutunan pagkatapos mong makompleto ang modyul, *paunang pagsubok* dito masusukat ang dati mo nang kaalaman at dapat mo pang malaman sa paksa, *balik-aral* ito ay sukatan ng nauwaan mo sa naunang paksa, *aralin* tinatalakay sa bahaging ito ang aralin batay sa kasanayang pampagkatuto at makikita rito ang bidyo ng paksa na ma-access sa pamamagitan ng pag-scan ng QR Code gamit ang iyong cellphone, *pagsasanay* sa bahaging ito may mga pagsasanay na kailangang sagutan ng mga mag-aaral, *paglalapat* dito ay binuod ang mga mahahalagang konsepto na dapat bigyang halaga, *pagpapahalaga* titiyakin sa bahaging ito kung ang mga kasanayang pampagkatuto ay naiuugnay at nailalapat sa inyong mga pagpapahalaga, at huling bahagi ay ang *panapos na pagsusulit* dito masusukat ang mga natutuhan ng mga mag-aaral. Ito ay magsisilbing daloy ng pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modyul. Upang magabayan sila sa mga bahaging nakapaloob sa paggamit ng E-Gramatika.

Layunin. Ito ay nakabatay sa Most Essential Learning Competencies na pinapatupad ng Kagawaran ng edukasyon batay sa Deped Order no. 8, s. 2015. Ito ang kinakailangang maisakatuparan pagkatapos magamit ang modyul.

Susi ng Pagwawasto. Matatagpuan sa huling bahagi ng modyul. Ito ay naglalaman ng mga kasagutan sa lahat ng pagsasanay sa loob ng modyul. Ang E-Gramatika ay gumamit ng mga pagsusulit na upang masukat ang kakayahan at natutunan ng mga mag-aaral. Ang mga pagsusulit na nakapaloob dito ay *uring papili o multiple choice*, pagpupuno ng mga impormasyon, mind mapping, pananaliksik, pagdurugtong ng mga ideya, pagsusuri, pagbibigay kahulugan, pagbuo ng mga salita, pagbibigay halimbawa, paglikha ng tula at pahayag.

Sanggunian. Makikita ang pinagkunan ng mga impormasyon na nakatala sa loob ng modul. Ang sanggunian ng E-Gramatika ay naglalaman ng mga pagsipi mula sa iba't ibang akademikong sanggunian, aklat, at onlayn na mga mapagkukunan. Nakatutulong ito sa pagpapatibay ng impormasyon at pagbibigay-kredibilidad sa mga nilalaman ng modyul.

Ang mga nabuong modyul ay mayroong mga indibidwal na mga tinatampok. Ang mga ito ay ang sumusunod: MELC o Most Essential Learning Competences, Paksa o Nilalaman, Pagsasanay at gawain, at Bidyo ng aralin.

MELC o Most Essential Learning Competences. Ito ay ayon sa Deped Order no. 34, s 2022. Ang bawat modyul ay may iba't ibang MELC na siyang inaasahang matamo ng mga mag-aaral pagkatapos magamit ang ang modyul.

Paksa o Nilalaman. Ang mananaliksik ay nakabuo ng limang (5) modyul ang bawat modyul ay mayroong kanya-kanyang paksa o nilalaman. Ang paksa ng limang modyul ay ang sumusunod: Angkop na Salita: Paglalarawan, Sariling Pananaw, Pag-iisa-isa at Pagpapatunay, Antas ng Pormalidad ng Salita (Level of Formality), Tamang Pang-uri sa Pagbibigay Katangian, Angkop na Ekspresyon sa Pagpapahayag ng Damdamin at Matibay na Panindigan, at Angkop na Ekspresyon sa Pagpapaliwanag, Paghahambing, at Pagbibigay Opinyon.

Pagsasanay at Gawain. Ang bawat modyul ay may iba't ibang gawain, ang mga ito ay nakabatay sa layunin na dapat matamo ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. Ang mga gawain ay iba-iba sa bawat modyul sapagkat ito rin ay naayon sa paksa nakapaloob sa modyul.

Bidyo ng Aralin. Ang bidyo ng aralin na siyang nilalaman ng bawat QR Code na matatagpuan sa bawat modyul. Ang bawat paksa sa modyul ay nilagyan ng bidyo upang maaaring ma-aksis ng mga mag-aaral na siyang makatutulong sa kanilang pag-aaral.

Batay sa pag-aaral ni Yazon (2016), lubos na kinikilala ang mga ideya, konsepto, at punto naipaliliwanag nang mabuti ang ipinakita sa modyul; ang mga kakayahan sa pagkatuto; mga karagdagang aktibidad at ang nilalaman ay nagpapahusay sa pag-unawa ng mag-aaral; na may sapat na presentasyon/talakayan; at ang mga aralin ay iniharap sa isang madali at nagbibigay-daan para sa repleksyon at pagsusuri.

Batay sa inilalahad na mga bahagi ng E-Gramatika mapapansin na mayroon itong QR code na wala sa mga karaniwang modyul na ginamit at ginagamit ng mga mag-aaral at guro sa Kagawaran ng Edukasyon.

Ang QR code na kailangan i-scan ng guro o ng mga mag-aaral upang makita ang bidyo ng paksa. Ang mga *QR Code* ay binubuo ng parisukat na itim na module sa isang puting *background*. Idinisenyo ang mga ito upang mabilis na ma-decode ang datos (Pons, 2011). Mga modernong teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon, tulad ng mga teknolohiyang pang-mobile at *Quick Response* (QR) code, ay may malaking potensyal na mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral dahil pinapagana ng mga mobile technology ang pag-aaral sa maraming konteksto, sa pamamagitan ng mga pakikipag-ugnayan sa lipunan at nilalaman (Crompton, 2013). Ibig sabihin lamang nito ang mga mag-aaral ay maaaring matuto o mag-aral anumang oras o kahit saan na maaaring magkaroon sila ng sarili nilang pamamaraan ng pag-aaral nang maging matagumpay.

Ito rin ay hindi lamang nag-aalok ng isang pamamaraan ng pagkatuto dahil nga sa QR Code ay maaari kang matuto sa pamamaraan ng pakikinig o kaya panunuod sa mga araling nakapaloob sa E-Gramatika. Isa sa mga mahahalagang hakbang na dapat gawin upang matiyak ang kalidad at pinakamainam na karanasan sa pag-aaral sa mga mag-aaral ay upang isaalang-alang ang kanilang iba't ibang mga istilo at kagustuhan sa pag-aaral. Ang istilo ng pagkatuto ay tumutukoy sa kung paano natututo ang mga mag-aaral at iproseso ang impormasyon sa kanilang sariling mga paraan (Magulod Jr,2019).

Balidasyon ng E-Gramatika.

Ipinakikita sa bahaging ito ang ebalwasyon ng mga printed na kagamitan batay sa sagot ng mga dalubguro na siyang nagbigay ng sagot kung gaano kabalido ang kagamitang pampagtuturo na binuo.

Batay sa Talahanayan 1 ang presentasyon ng modyul sa nilalaman ay nangunguna ang nagsasabi na *walang diskriminasyon sa anumang relihiyon, kasarian o paniniwala* na may kabuuang mean na 4.78 at may interpretasyon na lubos na sumasang-ayon. Ang modyul ay dapat na walang pabor o diskriminasyon sa mga salik tulad ng relihiyon, kasarian, o paniniwala.

Talahanayan 1*Presentasyon ng Modyul batay sa Nilalaman*

Nilalaman	WM	Pagpapakahulugan
Angkop sa antas ng pag-unlad ng mag-aaral.	4.12	Sumasang-ayon
Nagagamit upang maisakatuparan ang mga tiyak na layunin ng mga aralin.	3.96	Sumasang-ayon
Nakatutulong sa pagpapaunlad ng mataas na kakayahang pampagkatuto tulad ng kritikal na pag-iisip, pagiging malikhain, at paglutas ng mga suliranin.	4.42	Sumasang-ayon
Walang diskriminasyon sa anumang relihiyon, kasarian o paniniwala.	4.78	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagpapaunlad ng mga pagpapahalaga tulad ng Pagmamalaki bilang isang Filipino, Makaagham na pangangatwiran, Pagnanais para sa kahusayan, Pagmamahal sa bansa	4.15	Sumasang-ayon
Mayroong kakayahang makapukaw ng interes ng mga inaasahang gagamit.	4.28	Sumasang-ayon
Sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan.	4.45	Sumasang-ayon
May inobatibong gamit QR Code para sa video lesson na gagamitin.	3.95	Sumasang-ayon
Kabuuang Timbang na katamtaman	4.26	Sumasang-ayon

Ito ay nagpapahiwatig na ang modyul ay patas at bukas sa lahat ng uri ng mga mag-aaral, na hindi pinapaboran o inaalisan ng pagkakataon ang sinumang indibidwal batay sa kanilang personal na mga salik. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagpapalakas ng paggalang sa pagkakaiba-iba at pagtanggap sa iba't ibang uri ng tao.

Paunang Salita

Bilang lugon sa makabagong tunguhin sa pagkatuto ay binuo ang serye ng modyul na ito. Nilalaman nito ang mga lubhang mahahalagang kasanayang pampagkatuto o Most Essential Learning Competencies (MELC) sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan ng edukasyon. Upang matugunan ang hamong kinakaharap sa edukasyon, kalusugan at kaligtasan malaking tulong ang modyul na ito sa patuloy na pag-aaral ng kabataan sa loob at labas ng paaralan sa pakikipagtulungan ng mga magulang at tagagabay.

Inaasahan na ang modyul na ito ay higit na makatutulong sa paglinang ng kasanayan at kakayahang ng mga mag-aaral.

Para sa Tagagabay:

Upang lalong kagiliwaan ng mag-aaral at maging kapaki-pakinabang ang modyul na ito, iyaking malapagbigay ng oryentasyon sa mga mag-aaral, magulang, o sinumang miyembro ng pamilya kung paano gagamitin at lingatan ang modyul na ito.

Ipatatid na kailangan magkaroon ng sariling sagutang papel ang bawat mag-aaral para sa paunang pagsubok, mga gawain sa bawat bahagi at panapos na pagsubok. Kung tapos nang sagutin ang modyul na ito, ipaalala sa mag-aaral na kaagad itong ibalik sa guro para sa kaukulang tunguhin.

Para sa mag-aaral:

Inihanda ang modyul na ito para sa iyo. Kailangan mong sundin at sagutin mag-sa ang mga gawaing nasa loob nito. Huwag kang mag-alala, kayang-kaya mo ito. Tinuyak kong matutuwag ka habang natututo. Ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mong susulatan at iwasang mapunit ang mga pahina. Gumamit ka ng sagutang papel o ang iyong kuwaderno. Sig, simulan na natin!




Larawan 1. Sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan

Kasunod nito ang nagsabi na may sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan na may kabuuang mean na 4.45 na nangangahulugang ang modyul ay dapat na naglalaan ng sapat na impormasyon at babala tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa mga paksa at aktibidad na maaaring magdulot ng panganib o alintuntunin. Sa bahaging ito ng modyul, paunang salita, ipinakilala ang mga alituntunin at gabay sa paggamit ng E-Gramatika upang maging maayos at madali ang paggamit. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng sapat na impormasyon at paggabay upang masiguro ang kaligtasan at kapakanan ng mga mag-aaral habang sila ay nag-aaral.

Ikatlong sumunod ang nakatutulong sa pagpapaunlad ng mataas na kakayahang pampagkatuto tulad ng kritikal na pag-iisip, pagiging malikhain, at paglutas ng mga suliranin na may kabuuang mean na 4.42.

PAGSASANAY 3



Paano mo masusuklian ang ang pagpapakasakit at pagmamahal ng iyong ina?

PANUTO: Sumulat ng isang tula tungkol sa ina. Bigyang pansin ang pamantayan bago magsimula.

PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA NG TULA	LAANG PUNTOS	AKING PUNTOS
Naglalaman ng salitang naglalarawan	5	
Naglalahad ng pasasalamat at paghingi ng tawad	5	
Ang tula ay Blanko Berso, may tugma walang sukat o may sukat walang tugma, binubuo ng tatlong saknong pataas	5	
Kabuoang Puntos	15 Puntos	

Larawan 2. Pagpapaunlad ng mataas na kakayahang pampagkatuto

Sa bahaging ito ng Modyul 5, Pagsasanay 3, ipinakikita na ang gawaing ito ay naglalayong mapalago ang kritikal na pag-iisip, pagiging malikhain, at kakayahang malutas ang mga suliranin ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay magiging malikhain sa pagbuo ng isang tula na may sinusunod na tuntunin at nakapagbibigay ng malalim na dahilan kung bakit kailangan isabuhay ang pagmamahal sa bayan o nasyonalismo. Ito rin ay nagpapakita ng pagiging mulat at pakikibahagi sa mga suliraning panlipunan. Tinukoy rin ng mga kalahok na ang presentasyon ng mga datos ay may kakayahang makapukaw ng interes ng mga inaasahang gagamit, nakapagpapaunlad ng mga pagpapahalaga tulad ng pagmamalaki bilang isang Filipino, makaagham na pangangatwiran, pagnanais para sa kahusayan, pagmamahal sa bansa, angkop sa antas ng pag-unlad ng mag-aaral, nagagamit upang maisakatuparan ang mga tiyak na layunin ng mga aralin at may inobatibong gamit QR Code para sa video lesson na gagamitin na may kabuuang mean na 4.28, 4.15, 4.12, 3.96 at 3.95 ayon sa pagkakasunud-sunod.

Ang mga ito ay nagpapahiwatig na, una, ang modyul ay dapat na nakapagbibigay ng interes at pagsasangkot ng mga mag-aaral sa mga aktibidad at nilalaman nito. Ito ay nagpapahiwatig na ang modyul ay may kakayahang makapukaw ng kuryosidad, motibasyon, at kagustuhan ng mga mag-aaral na matuto. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga makabuluhang at kaakit-akit na karanasan sa mga mag-aaral, na nagpapahimok sa kanilang aktibong pakikilahok at interes sa pag-aaral. Ikalawa, ang modyul ay dapat na nakatutulong sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng mga aralin. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga aktibidad at nilalaman ng modyul ay nagtutugma sa mga pangunahing layunin ng pag-aaral. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga kahandaan at pagkakataon sa mga mag-aaral upang maabot ang mga inaasahang bunga ng pagkatuto. Ikatlo, ang modyul ay dapat na nagpapalawak ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga konsepto at prinsipyong nauugnay sa kultura, bansa, at iba pang aspeto ng pagiging mamamayang Filipino. Implikasyon nito ay ang modyul ay naglalayong magpalawak ng kaalaman, pagpapahalaga, at pagkilala sa mga salik na nagpapabuo sa kamalayan at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral bilang mga mamamayang Filipino.



Tandaan! Sa bahaging ito ay may kalakip na bidyo ng aralin. Makikita mo rito ang QR Code na kailangan mong i-scan upang mapanood an bidyo.



PAUNANG PAGSUBOK
Dito masusukat ang dali mo nang kaalaman at mga dapat mo pang malaman sa paksa.

BALIK-ARAL
Dito masusukat ang iyong matutuhan at naunawaan sa mga naunang paksa.

ARALIN
Tatalakayin sa bahaging ito ang aralin batay sa kasanayang pampagkatuto.

MGA PAGSASANAY
Sa bahaging ito, may iba't ibang pagsasanay na dapat sagutin ng mga mag-aaral.

PAGLALAHAT
Sa bahaging ito binuod ang mahahalagang konsepto na dapat bigyang-halaga.

PAGPAPAHALAGA
Sa bahaging ito ay itiyakin kung ang mga kasanayang pampagkatuto ay nauugnay at nalalapit sa inyong mga pagpapahalaga.

PANAPOS NA PAGSUSULIT
Dito masusukat ang mga natutuhan mo

Tandaan! Para sa video lesson i-scan ang QR code.
Gamit ang iyong cellphone pumunta sa google chrome at pindutin ang scanner. Itapat ang inyong scanner sa QR code upang panoorin ang bidyo ng aralin!




Larawan 3. Inobatibong Gamit ng QR Cose

Ikaapat, ang modyul ay may inobatibong gamit ng QR Code upang magamit ang mga video lesson na kasama sa modyul. Ito ay nagpapahiwatig na ang modyul ay gumagamit ng teknolohiya at modernong pamamaraan ng pag-aaral upang mapalawak ang mga karanasan at mapadali ang pag-access sa mga bidyo na kinakailangan sa pag-aaral. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng pagkakataon para sa technology-based na pagkatuto at nag-aalok ng mga alternatibong paraan ng pag-access sa mga kahalagahan ng video lesson.

Suportado ni Zulueta (2006) sa kanayang statement na sa makabagong panahon, hindi na maikakaila ang makabago at epektibong mga paraan ng pag-aaral na dulot ng teknolohiya. Isa sa mga natatanging halimbawa nito ay ang paggamit ng mga elektronikong platform tulad ng E-Gramatika sa pag-aaral ng wika, partikular ang Filipino, at kultura. Ang diskusyong ito ay maglalagay ng pokus sa mga epekto ng teknolohiya sa pag-aaral ng wika at kultura ng mga mag-aaral. Isa sa mga malaking benepisyo ng paggamit ng E-Gramatika ay ang pagpapalaganap ng pag-aaral sa anumang oras at sa anumang lugar. Dahil sa modernong teknolohiya, maaaring masagot ng mga mag-aaral ang mga module, mga pagsasanay o gawain, at pagsusulit kahit sa kanilang sariling bahay o sa anumang lugar na may access sa internet. Ito ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin sa Filipino at kultura, at nagpapalawak sa kanilang kaalaman. Ang paggamit ng mga video tutorials at multimedia resources sa E-Gramatika ay nagbibigay ng mas interaktibong paraan ng pag-aaral. Nakapupukaw ito ng interes ng mga mag-aaral, at nagbibigay-dagdag na dimensyon sa kanilang pagkatuto. Ang mga Biswal na elemento ay nakakatulong sa mas mabilis na pag-unawa at pagtaguyod ng mga konsepto sa Filipino. Bukod dito, ang mga materyales na ito ay nakapagpapaunlad din ng mga pagpapahalaga tulad ng pagmamalaki bilang isang Filipino, pagmamahal sa bansa, at iba pang aspeto ng kultura.


Talahanayan 2

Presentasyon ng Modyul batay sa Pormat

Indikaytor	WM	Pagpapakahulugan
1. Titik	3.93	Sumasang-ayon
2. Ilustrasyon	3.95	Sumasang-ayon
3. Disenyo at Layout	3.93	Sumasang-ayon
4. Papel at Binding	3.85	Sumasang-ayon
5. Laki at Bigat ng Kagamitan	4.02	Sumasang-ayon
Kabuuang Timbang na katamtaman	3.94	Sumasang-ayon

Ang mga palatandaan sa presentasyon ng modyul para sa pormat ay naglalayong sukatin ang mga aspeto ng pagsasaayos ng teksto, ilustrasyon, disenyo, papel at binding, at laki at bigat ng kagamitan. Narito ang kahulugan at implikasyon ng bawat palatandaan:

Titik: Ang laki ng mga titik ay angkop sa mambabasa: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga titik sa modyul ay may sapat na laki upang madaling mabasa ng mga mambabasa. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng kahit na maliliit na titik upang maging komportable ang pagbasa ng mga mag-aaral. Ang puwang sa pagitan ng mga titik at mga salita ay angkop para sa pagbabasa: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga espasyo sa pagitan ng mga titik at salita ay sapat para sa pagbabasa at hindi nakalilito. Implikasyon nito ang modyul ay nagbibigay ng sapat na puwang upang maging malinaw at madaling basahin ng mga mag-aaral. Ang font ay madaling basahin: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga letra na ginamit sa modyul ay may malinaw at madaling basahing estilo. Implikasyon nito ay ang modyul ay gumagamit ng mga font na hindi nakakapagod sa mata at nagpapadali sa pagbabasa. Maayos ang kalidad ng pagkaimprenta (paghahanay, mga titik, at iba pa.): Ito ay nagpapahiwatig na ang mga elemento ng pagkaimprenta sa modyul ay maayos at malinaw. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng malinis at propesyonal na anyo na nagpapadali sa pagbabasa at pag-unawa.



Larawan 4. Ilustrasyon

Ilustrasyon: Payak at madaling makita ang mga guhit at larawan: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga ilustrasyon sa modyul ay simple at madaling maunawaan. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga ilustrasyong nagpapadali sa pag-unawa at nagpapahayag ng mga ideya nang malinaw. Ang mga ilustrasyon ay nakadaragdag ng paliwanag sa teksto: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga ilustrasyon sa modyul ay nagbibigay ng karagdagang paliwanag o paglilinaw sa mga teksto o konsepto.

Implikasyon nito ay ang modyul ay gumagamit ng mga ilustrasyong nagpapalawak at nagpapalalim sa mga kaisipan na ipinapresenta sa modyul. Angkop ang mga pahayag para sa bawat ilustrasyon (kung kinakailangan): Ito ay nagpapahiwatig na ang mga pahayag o kapsiyon na kasama sa mga ilustrasyon ay nagbibigay ng tamang impormasyon o kahulugan sa mga ito. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga pahayag o kapsiyon na nagpapaliwanag sa mga ilustrasyon at nagbibigay ng tamang konteksto. Angkop ang kombisyon ng mga kulay na ginamit sa mga ilustrasyon: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga kulay na ginamit sa mga ilustrasyon ay nagpapakita ng kaayusan at kaangkupan sa nilalaman. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga ilustrasyong may tamang pagkakahanay ng kulay na nagpapahayag ng tamang damdamin at kahulugan. Kanais-nais at malikhain ang pagkagamit ng mga ilustrasyon: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga ilustrasyon sa modyul ay maganda, kanais-nais, at nagpapakita ng pagiging malikhain. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga nakapupukaw atensyon na ilustrasyon na nagpapalawak sa karanasan ng mga mag-aaral at nagpapahayag ng kahalagahan ng mga konsepto. Nauugnay sa kultura: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga ilustrasyon sa modyul ay may kaugnayan sa kultura ng mga mag-aaral o pinag-aaralan. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga ilustrasyong may kaugnayan sa kultura ng mga mag-aaral upang mapalawak ang kanilang kamalayan at pag-unawa.



Larawan 5. Disenyo at Layout

Disenyo at Layout: Kaakit-akit at kaaya-aya tingnan: Ito ay nagpapahiwatig na ang disenyo at layout ng modyul ay nakahihikayat at maganda sa paningin. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng biswal na atraksyon at nagpapadali sa pag-aaral. Payak (hindi nakagagambala sa atensyon ng mambabasa): Ito ay nagpapahiwatig na ang disenyo at layout ng modyul ay simple at hindi nakagugulo sa pagbasa at pag-aaral. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng malinaw na anyo at kaayusan upang mapadali ang pag-unawa. Sapat ang ilustrasyong kaugnay ng teksto: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga ilustrasyon na kaugnay ng teksto sa modyul ay sapat at may katanggap-tanggap na dami. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga ilustrasyon na tumutulong sa paglilinaw ng teksto at nagbibigay ng mga biswal na halimbawa. Magkatugma ang mga pinagsamang elemento tulad ng ilustrasyon at teksto: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga elementong tulad ng ilustrasyon at teksto sa modyul ay magkasundo at hindi nagkakasalungatan. Implikasyon nito ay ang modyul ay may maayos na pagsasama ng mga elementong biswal at teksto upang mapadali ang pag-unawa.

Batay sa interbyu na isinagawa sa mga mag-aaral ng mananaliksik lumalabas na tinitignan nila ang Disenyo at Layout ng E-Gramatika. Ang mga pahayag tungkol sa disenyo at layout sa ibaba ay nagmula sa mga mag-aaral:

Mag-aaral 1: “Ang ganda naman ng design pati kulay, atraktib.”

Mag-aaral 2: “Kawili-wiling tignan ang modyul”

Mag-aaral 5: “Payak lamang ang disenyo pero Magadan tignan”

Mag-aaral 7: “Hindi masakit sa mata ang kulay ng modyul”

Papel at Binding: Ang kalidad ng papel na ginamit ay nakaambag sa ikakadali ng pagbabasa: Ito ay nagpapahiwatig na ang kalidad ng papel na ginamit sa modyul ay dapat na sapat at hindi nakakadagdag ng abala sa pagbabasa. Implikasyon nito ay ang modyul ay gumagamit ng magandang kalidad ng papel na nagbibigay ng maginhawang karanasan sa pagbabasa. Matibay ang pakaka-bind ng kagamitan: Ito ay nagpapahiwatig na ang binding ng modyul ay matibay at hindi madaling masira. Implikasyon nito ay ang modyul ay ginawa nang may matibay na pakaka-bind upang hindi magkahiwa-hiwalay ang mga pahina at mapanatili ang kumpletong anyo ng kagamitan.



Larawan 6. Laki at Bigat ng Kagamitan

Laki at Bigat ng Kagamitan: Madaling gamitin: Ito ay nagpapahiwatig na ang laki at bigat ng kagamitan sa modyul ay sakto at madaling gamitin ng mga mag-aaral. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga kagamitan na hindi mahirap dalhin at hindi nagiging hadlang sa proseso ng pag-aaral. Bahagyang magaan: Ito ay nagpapahiwatig na ang modyul ay may tamang bigat na hindi nakakapagod dalhin ng mga mag-aaral.

Implikasyon nito ay ang modyul ay ginawa nang may tamang laki at timbang na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na dalhin ito nang komportable.


Ang kabuuang timbang na katamtaman ng mga palatandaan sa presentasyon ng modyul para sa pormat ay 3.94, na nagpapahiwatig ng pangkalahatang pagsang-ayon na ang modyul ay may kabuuan ng maayos na presentasyon na nagpapadali sa pagbabasa, pag-unawa, at paggamit ng mga mag-aaral. Ang resulta ng pananaliksik ay sinuportahan ni Hyati et. al (2015) na ang magandang pormat at estilo ay nag-aambag sa mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral, pinahahalagahan ang karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino at kultura, at nagpapabuti sa kanilang pag-unlad.

Talahanayan 3

Presentasyon ng Modyul para sa Presentasyon at Kaayusan

Indikaytor	WM	Pagpapakahulugan
Ang haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa.	4.75	Lubos na sumasangayon
Ang ayos ng mga pangungusap at talata ay nakapupukaw sa interes ng mga mambabasa.	4.35	Sumasangayon
Ang paglalahad ng mga konsepto ay nakakahikayat ng aktibong pakikilahok, kapanapanabik at madaling maunawaan.	4.05	Sumasangayon
Kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng mga kaisipan.	3.95	Sumasangayon
Ang antas ng bokabularyo ay angkop sa karanasan at antas ng pag-unawa ng mambabasa.	3.95	Sumasangayon
Kabuuang Timbang na Katamtaman	4.21	Sumasangayon

Batay sa paglalahad ng talahanayan ang una sa indikaytor ay *ang haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa* na may kabuuang WM na 4.75 at may pagpapakahukugan ng lubos na sumasang-ayon. Ang haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga pangungusap na ginagamit sa modyul ay may angkop na haba na naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ito. Implikasyon nito na ang modyul ay nagbibigay ng mga pangungusap na hindi masyadong mahaba o kumplikado na nagpapadali sa pag-unawa at pagkuha ng mga kahulugan.



Larawan 7

Konsepto ay nakahahikayat ng aktibong pakikilahok Kapanapanabik at madaling maunawaan

Kasunod nito ay ang *ayos ng mga pangungusap at talata ay nakapupukaw sa interes ng mga mambabasa* na may kabuuang WM na 4.35 at sinundan naman ng *ang paglalahad ng mga konsepto ay nakakahikayat ng aktibong pakikilahok, kapanapanabik at madaling maunawaan* na may kabuuang 4.05. Ang ayos ng mga pangungusap at talata ay nakapupukaw sa interes ng mga mambabasa: Ito ay nagpapahiwatig na ang modyul gumamit ng mga graphic organizer upang higit na mapadali ang presentasyon ng gawain. Implikasyon nito ay ang

modyul ay nagbibigay ng magandang presentasyon ng mga pangungusap at talata na nagpapadali sa pagbasa, nagpapalawak ng kaalaman, at nagpapabuhay ng kawilihan sa pag-aaral.

Ang paglalahad ng mga konsepto ay nakahihikayat ng aktibong pakikilahok, kapana-panabik, at madaling maunawaan: Ito ay nagpapahiwatig na ang paraan ng paglalahad ng mga konsepto sa modyul ay nakapag-uudyok ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, nagbibigay ng kawili-wiling impormasyon, at madaling nauunawaan. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga paglalahad na nagpapalawak sa kawilihan at partisipasyon ng mga mag-aaral, nagpapabuhay sa pag-aaral, at nagpapadali sa kanilang pag-unawa.

Naging pantay din ang mean na 3.95 ang indikaytors na *Kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng mga kaisipan at Ang antas ng bokabularyo ay angkop sa karanasan at antas ng pag-unawa ng mambabasa*. Kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng mga kaisipan: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga kaisipan na ipinapakita sa modyul ay may lohikal na ugnayan at maayos na pagkakasunud-sunod. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga kaisipan na maayos na nag-uugnay sa isa't isa at nagpapadali sa pag-unawa at pagbuo ng mga kahulugan. Ang antas ng bokabularyo ay angkop sa karanasan at antas ng pag-unawa ng mambabasa: Ito ay nagpapahiwatig na ang mga salitang ginagamit sa modyul ay angkop sa karanasan at antas ng pagkaunawa ng mga mag-aaral. Implikasyon nito ay ang modyul ay nagbibigay ng mga salitang nauunawaan ng mga mag-aaral at nagpapadali sa kanilang komunikasyon at pag-unawa sa mga konsepto.

Ang kabuuang timbang na katamtaman ng mga palatandaan sa presentasyon ng modyul para sa presentasyon at kaayusan ay 4.21, na nagpapahiwatig ng pangkalahatang pagsang-ayon na ang modyul ay may maayos na presentasyon at ayos na nagpapadali sa pag-unawa, nagpupukaw ng interes, at nagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ayon kay Misa, R. M. (2021) sa kanyang pagpapatunay na ang magandang pagkalahad at kaayusan ng mga konsepto ay nagpapabuti sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin sa Filipino at kultura. Pinahahalagahan nito ang interaksyon at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, nagpapalalim sa kanilang kaalaman at pag-unlad.

Talahanayan 4

Presentasyon ng Modyul para sa kawastuhan at Napapanahong Impormasyon

Paglatandaan	WM	Pagpapakahulugan
Kamalian sa mga impormasyon	3.25	May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin
Mga kaisipan o konseptong hindi na ginagamit	3.15	May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin
Kamalian sa mga konsepto	3.05	May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin
Kamaliang panggramatika	3.05	May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin
Kaunting pagkakamali at taypograpikal na kamalian (hindi angkop o malinaw na ilustrasyon, nawawalang leybel, maling caption, at iba pa.)	3.00	May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin
Kabuuang Timbang na katamtaman	3.1	May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin

Batay sa resulta ng talahayanan ang unang indikaytor ay *Kamalian sa mga impormasyon* na may kabuuang 3.25. May kamalian sa mga impormasyon: Ito ay nagpapahiwatig na mayroong ilang kamalian sa mga impormasyong ibinibigay sa modyul. Tulad ng naunang palatandaan, ang dami ng mga kamalian ay kakaunti at kailangan lamang ayusin. Implikasyon nito ay maaaring kailanganing suriin at tiyakin ang tamang at napapanahong impormasyon na isinasama sa modyul. Sunod nito ay ang *Mga kaisipan o konseptong hindi na ginagamit* may kabuuang mean na 3.15. Ito ay nagpapahiwatig na mayroong ilang kamalian sa mga konsepto sa modyul. Bagaman may mali, ang dami ng mga kamalian ay kakaunti at kailangan lamang ayusin. Implikasyon nito ay maaaring kailanganing suriing muli at ayusin ang mga konsepto upang matiyak ang kawastuhan at kahalagahan ng impormasyon na ibinabahagi.

Gayundin ang *Kamalian sa mga konsepto at panggramatika* na may kabuuang mean na 3.05. Ito ay

nagpapahiwatig na mayroong ilang kamalian sa paggamit ng balarila o gramatika sa modyul. Bagaman may mga kamalian, ang dami nito ay kakaunti at kailangan lamang ayusin. Implikasyon nito ay maaaring kailanganing maipasa sa wastong proseso ng pagwawasto ng mga kamalian sa balarila o gramatika. Ang mga kaisipan o konseptong hindi na ginagamit: Ito ay nagpapahiwatig na may mga kaisipan o konsepto na hindi na ginagamit o hindi naisakatuparan sa modyul. Ang dami ng mga ganitong kamalian ay kakaunti at kailangan lamang ayusin. Implikasyon nito ay maaaring kailanganing alisin o baguhin ang mga hindi naisakatuparang kaisipan o konsepto upang mapanatili ang kawastuhan ng impormasyon.

Ang huli ay ang *Kaunting pagkakamali at taypograpikal na kamalian (hindi angkop o malinaw na ilustrasyon, nawawalang leybel, maling caption, at iba pa.)* na may kabuuang mean na 3.0. Kaunting pagkakamali at taypograpikal na kamalian: Ito ay nagpapahiwatig na mayroong kaunting pagkakamali sa taypograpiya o pagkakasulat ng mga impormasyon sa modyul. Ito ay maaaring hindi angkop o hindi malinaw na ilustrasyon, nawawalang leybel, maling kapsyon, at iba pa. Bagaman may mga kamalian, ang dami nito ay kakaunti at kailangan lamang ayusin. Implikasyon nito ay maaaring kailanganing suriin at tiyakin ang tamang presentasyon ng mga impormasyon upang maging malinaw at napapanahon.

Lahat ng indikaytor ay may pagpapakahulagan ng May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin. Ang kabuuang timbang na katamtaman ng mga palatandaan sa presentasyon ng modyul para sa kawastuhan at napapanahon ng impormasyon ay 3.1. Ito ay nagpapahiwatig na mayroong mga mali sa modyul, ngunit ang dami ng mga ito ay kakaunti lamang. Kailangan lamang ayusin ang mga kamalian upang matiyak ang kawastuhan at napapanahong impormasyon na ibinibigay sa mga mag-aaral.

Batay sa mga suhestiyon ng mga gurong kasama sa ebalwasyon ng mga Modyul gamit ang balangkas para sa ebalwasyon at sumangguni sa guidelines and process ng LRMSD Evaluation. Una, Ang modyul ay kapupulutan ng mga aral at impromayon ng mga mag-aaral. May ilang bahagi lamang na hindi malinaw ang mga salita at may kaunting taypograpikal na kamalian. Ito ay isang malaking tulong hindi lamang sa mga mag-aaral pati narin sa mga guro na nagtuturo sa asignaturang ito bilang karagdang kagamitan pampagtuturo.

Sa kabuuan, ang kabuuang timbang na katamtaman na 3.1 ay nagpapahiwatig na bagamat may mga mali sa modyul, ang mga ito ay kakaunti lamang at kailangan ng mga pag-aayos. Mahalaga ang kawastuhan at pagiging napapanahon ng impormasyon sa mga modyul, upang masiguro na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng tamang at aktuwal na kaalaman sa kanilang pag-aaral ng Filipino at kultura.

Batay nga sa mga mga pahayag ng eksperto:

Binibining Rimpola: “ang ibang mga modyul ay nangangailangan ng pagsasagawa sa paggamit ng ugnayan ng mga salita. Gawing malinaw ang mga panimula na gawain”.

Binibining Dob: “higit na makakatulong ang inilahad na modyul upang mapaunlad ang kasanayan sa gramatikal ng mga mag-aaral.”

Binibining Guarino: “nangangailangan ng pagsasaayos ng ilan sa mga pahayag upang maiwasan ang kalituhan at madaling maunawaan ng mga mag-aaral na ginamit nito. Alalahanin na ito ay modyul na maaring sarilinin lamang ng mag-aaral ang pagsagot.”

Karanasan ng mga mga-aaral sa paggamit ng E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino.

Samu't saring karanasan ang naranasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Elektronikong Filipino, Gramatikang Modyul (E-EfilGraMo). Ipinahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga saloobin pagkatapos magamit ang modyul.

Talahanayan 5

Karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika

Pangkalahatang Paksain	Tiyak na Paksain
Interaktibong Pag-aaral	Hindi kailangan ang gabay ng guro sa pag-aaral gamit ang E-Gramatika
Pag-aaral sa Sariling takdang Oras	May sapat na oras para sa pagsagot ng aralin. Napagsasabay ang pag-aaral at gawaing bahay User Friendly
Madaling Maunawaan at Magamit	Kawilihan sa paggamit ng E-Gramatika Bidyo at pananalita ay madaling maitindihan Walang pinipilig lugar upang magamit ang E-Gramatika
Accessible Gamit ang Cellphone	Kasapatan ng Cellphone bilang kagamitan sa paggamit ng E-Gramatika

Interaktibong Pag-aaral

Sa pamamagitan ng E-Gramatika, sinasabi ng mga mag-aaral na nagkaroon sila ng mas interaktibong karanasan sa pag-aaral. May mga modyul, gawain, mga pagsasanay, at iba pang aktibidad na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na mapaunlad at maunawaan ang iba't ibang aspeto ng gramatikang Filipino. Sinabi nga ng Mag-aaral 1:

“Malaking tulong para sa akin itong modyul dahil nagkaroon ako ng malalim na pagkatuto sa aralin”.

Ang ibig ipahiwatig ng mga mag-aaral ay interaktibo ang E-Gramatika dahil natuto sila kahit walang guro na handang magpaliwanag. Ang mga mag-aaral ay nagpahayag ng pagkatuto na may kabatiran at pang-unawa sa kanilang mga aralin sa wika at gramatika. Ipinakita ng kanilang mga pahayag na ang E-Gramatika ay tumutulong sa kanila na magkaroon ng mas malalim na kaalaman sa kanilang mga pinag-aaralan. Binigyang-diin ng mga mag-aaral na ang interaktibong paraan ng pag-aaral ng modyul ay nagbibigay ng kahalagahan sa kanilang pagkatuto. Ipinakita ng kanilang mga pahayag na ang platform ay nakakatulong sa kanila na magkaroon ng pang-unawa kahit walang guro na handang magpaliwanag. Ipinakita ng kanilang mga pahayag na ito ay isang tulong sa kanila para magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin sa Filipino.

Sa pangkalahatan, ang mga pahayag ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng positibong epekto ng E-Gramatika bilang isang elektronikong modyul sa pagtuturo ng gramatikang Filipino. Ipinapakita ng kanilang mga karanasan na ang platform ay nagbibigay ng mas interaktibong at mas malalim na pagkatuto sa wika at gramatika, na naglalayong mapabuti ang kanilang kaalaman sa Filipino sa isang modernong paraan.

Ayon kina Frykedal at Chiriac (2017) na ang paggamit ng mga modyul ay naghihikayat ng malayang pag-aaral. Isa sa mga benepisyo ng paggamit ng mga module ay magsisilbing instruksyon sa pagtatamo ng mas mahusay na pag-aaral sa sarili o mga kasanayan sa pagkatuto sa mga mag-aaral. Nakikisali ang mga mag-aaral kanilang sarili sa pag-aaral ng mga konseptong inilahad sa modyul. Nagkakaroon sila ng pakiramdam ng responsibilidad sa pagsasakatuparan ng mga gawaing ibinigay sa modyul. Sa kakaunti o walang tulong mula sa iba, ang mga mag-aaral ay umuunlad sa kanilang sarili. Natututo sila kung paano matuto; sila ay binigyan ng kapangyarihan

Pag-aaral sa Sariling Takdang Oras

Ang mga mag-aaral ay natuto batay sa kanilang sariling takdang oras. Ang mga mag-aaral ay matuto sa kanilang sariling takdang oras at lugar. Maaring gamitin ang E-Gramatika sa loob o labas ng paaralan. Mapapansin ito sa mga kasagutan ng mga kalahok.

“Maraming oras ang nakalaan para sa pagsagot ng module dahil sa bahay ito sasagutan. Mayroong sapat na oras sa pagsagot”.

“Mas madali ang pag-aaral dahil kung kinakailangan kong magpahinga sa pag-aaral at

pagsagot sa module ay maaari kong ipagpaliban muna ito.”

“Napagsasabay ko ang pag-aaral at pagtulong sa gawaing bahay”.

Ang mga pahayag ay nagpapakita ng iba't ibang kahulugan ukol sa pagiging flexible at kahalagahan ng oras sa paggamit ng E-Gramatika sa pag-aaral ng wika at gramatika. Dahil ito ay maaaring gamitin online, maaaring magkaroon ng malawak na pagkakataon ang mga mag-aaral na matuto sa kanilang sariling oras at sa anumang lugar na kanilang nais. Ito ay makatutulong sa kanila na iangkop ang kanilang pag-aaral sa kanilang personal na iskedyul at sitwasyon. Nagsasaad ang mga mag-aaral na nakapag-aaral sila habang tumutulong sa mga gawaing bahay. Ito ay nagpapahiwatig na ang platform ay nagbibigay-daan sa kanila na magkaroon ng balanse sa pagitan ng pag-aaral at iba pang mga responsibilidad sa tahanan. Ipinakita ng mga mag-aaral na sa pamamagitan ng E-Gramatika, maaaring ipagpaliban ang mga gawain sa modyul kung kinakailangan nilang magpahinga o bigyang tuon ang iba pang bagay. Ito ay nagpapahiwatig ng flexibility sa pagpapalano ng kanilang pag-aaral. Ayon sa mga mag-aaral nakakaroon sila ng sapat na oras para sa pagsasagot ng mga module dahil ito ay maaaring isagawa sa bahay. Ito ay nagbibigay-daan sa kanila na maunawaan ang mga aralin sa kanilang sariling pamamaraan.

Sa pangkalahatan, ang mga pahayag ay nagpapakita ng positibong epekto ng paggamit ng E-Gramatika sa pag-aaral ng wika at gramatika. Ipinapakita nito ang pagiging flexible ng platform at ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-ayos ng kanilang oras upang makapag-aral ng may kaukulang balanse sa kanilang iba pang mga gawain. Batay sa mga pahayag ng mga kalahok ang malaking bahagi ng kanilang oras ay naitutuo nila sa pagtulong sa mga gawaing bahay bago nila magawa ang gawaing pampaaralan. Kahit gaano nila gustong matapos ang kanilang mga sagutan at gawain sa mga module ay hindi nila magawa dahil sa mga salik na nakakaapekto rito. Makikita na ang mga responsibilidad sa tahanan o may kaugnayan sa anumang trabaho habang nasa paaralan ay tiyak na magiging mabigat sa pag-aaral na magbubunga ng stress sa mga mag-aaral (Owusu at Essel, 2017).

Sinang-ayunan naman ni Cuenca (2021), ang mga pakinabang ng Modular Distance Learning ay kinabibilangan ng: (1) ang mga mag-aaral ay maaaring pumili ng kanilang pinakamaginhawang oras at lugar upang sumagot; (2) ito ay “self-pacing” na ang ibig sabihin ang mga mag-aaral ay makakasagot lamang kung ano ang gusto nila para sa araw na ito at maaaring magpatuloy sa susunod na araw; (3) nagbibigay ito ng flexibility para sa mga guro; at (4) pinapataas nito ang kakayahang umangkop at hinahamon ang kakayahan ng mga mag-aaral na matuto nang mag-isa. Dagdag pa rito sa pag-aaral nina Dimas et.al (2022) Ang paggamit ng mga modyul ng mga mag-aaral ay may malaki at magiging kapaki-pakinabang sa kanilang oras at espasyo dahil sa loob na lamang ng kani-kanilang bahay nila ipagpapatuloy ang pag-aaral at hindi na nila kailangan lumakbay pa at magising ng maaga papuntang eskwelahan.

Madaling Maunawaan at Magamit

Maaaring magbigay ng agarang fidbak ang sistema sa mga sagot ng mga mag-aaral, kung kaya't mapapabuti nila ang kanilang kaalaman sa gramatika. Ito ay isang paraan para masubaybayan ang kanilang pag-unlad.

“Madali kong na-access ang video”.

“Madali lang itong ma-scan gamit ang google chrome”.

“Malinaw at maganda ang boses ni ma'am sa bidyo na kanyang inihanda para sa amin”.

“Naging kawili-wili ito dahil sa bidyo na inihanda ng aming guro mas napadali ang pag-unawa sa lahat ng paksa.

Ang mga pahayag ay nagpapakita ng kahalagahan ng madaling maunawaan, magamit, at kawili-wiling mga paraan ng pag-aaral sa konteksto ng paggamit ng E-Gramatika. Pinatunayan lamang ng mga mag-aaral na madali nilang magamit ang mga video sa E-Gramatika. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng user-friendly na disenyo

ng platform na nagpapadali sa kanilang pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay nagpahayag na mas kawili-wili ang pag-aaral dahil sa pagkakaroon ng mga video at multimedia na may kasamang pagsusuri. Ipinakita nila na ang paggamit ng video ay nagbibigay ng ibang dimensyon sa kanilang pag-aaral, at nagbibigay-linaw at interaksyon sa mga konsepto. Ayon sa mga mag-aaral, ang mga video at multimedia ay nagbibigay ng mas malalim na pang-unawa sa mga paksa. Ipinapakita nila na ang biswal na elemento ng pag-aaral ay nakatutulong sa kanilang pag-unawa at pagsasapuso sa mga aralin. Ipinakita ng mag-aaral ang kahalagahan ng malinaw at magandang boses ng kanilang guro sa mga video na inihanda. Ipinakita nito ang pagpapahalaga sa kalidad ng mga materyales na ginagamit sa pag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang mga pahayag ay nagpapakita ng positibong epekto ng E-Gramatika sa pag-aaral ng wika at gramatika. Ipinapakita nito ang pagpapahalaga sa accessibility at nagdudulot ng mas mataas na interes at mas mabuting pag-unawa sa mga mag-aaral. Sa pag-aaral na isinagawa nina Vitoria, Mislinawati, at Nurmasyitah (2018) ang mga mag-aaral ay sumang-ayon na madaling gamitin ang modyul, madaling i-navigate, madaling i-access ang mga mapagkukunan, at madaling maunawaan ang mga tagubilin ng guro, at kasiya-siyang gamitin. Kaya naman mahihinuha na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon na ang e-learning na modyul ay madaling gamitin.

Accessible gamit ang cellphone

Ang paggamit ng teknolohiya ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang mga kakayahan at magkaroon ng kawili-wiling pag-aaral. Ang mga sumusunod ay ang mga pahayag ng mga mag-aaral:

“Napag-aaralan ko ang lesson kahit saan mang lugar kasi maari itong mapag-aralan gamit ang aking cellphone basta may load”.

“Cellphone lang ang panlaban ko para malaman ko ang lesson galing sa video.”

Ang mga pahayag ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng mga teknolohiya, lalo na sa E-Gramatika, upang mapabuti ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng cellphone, at para sa mas malawak na pag-aaral ng mga aralin. Ipinapakita ng mga pahayag na ang paggamit ng cellphone sa E-Gramatika, ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang mga kakayahan. Ipinapakita nito ang potensyal ng teknolohiya na maging kasangkapan sa pag-aaral at pag-unlad ng mga mag-aaral. Ayon sa mga mag-aaral ang mga aralin mula dito ay maaaring matutunan kahit saan, basta mayroong access sa teknolohiya tulad ng cellphone. Ipinapakita nito ang kakayahan ng teknolohiya na magbigay ng edukasyon sa abot-lahat na lugar at oras. Ayon sa mga mag-aaral ang pag-scan ng mga materyales gamit ang Google Chrome ay madali.

Sa pangkalahatan, ang mga pahayag ay nagpapakita ng positibong epekto ng paggamit ng cellphone, partikular ang E-Gramatika, sa pag-aaral. Ipinapakita nito ang potensyal ng cellphone na maging kasangkapan sa edukasyon at pagpapalawak ng kaalaman, pati na rin ang kakayahan ng mga mag-aaral na magamit ang mga ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Ayon sa pag-aaral ni Taracatac (2021), tunay sa panahon ngayon ang bawat mag-aaral ay kaakibat ng kanilang pamumuhay ang pagkahumaling sa paggamit ng teknolohiya. Sa kasalukuyan, cellphone ang ginagamit ng bawat mag-aaral na nagiging instrumento sa kanilang pagkatuto. Sa pag-aaral ni Estera et al. (2023) madaling naunawaan at nasagutan ng maayos ng mga mag-aaral ang kanilang mga modyul. Malaking ambag ng mga makabagong aplikasyon upang maisakatuparan ng maayos at produktibong pag-aaral gamit ang cellphone.

Ang Pinagyamang E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino

Ang E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino ay isang mahalagang kagamitan sa pagtuturo ng wika at gramatikang Filipino. Sa pamamagitan nito, maaaring mapalawak at mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng wika at sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa komunikasyon.

Talahanayan 6

Rebisyong Ginawa sa E-Gramatika

Pangkalahatang Rebisyon	Tiyak na Rebisyon
Disenyo at Layout	Binago at pinaganda ang disenyo ng bawat modyul. Sariling gawang disenyo at layout ang ginamit sa E-Gramatika.
Ilustrasyon	Ang pabalat ay gumamit ng larawan ng mga mag-aaral na gumagamit ng E-Gramatika. Ginawang payak ang mga larawan at guhit. Angkop ang mga ilustrasyon sa mga pahayag. Inalagay ito sa bahagi kasama ang pamagat ng aralin o paksa.
Kinalalagyan ng Qr Code	Mas madali tiyong makita ng mga mag-aaral bago simulang gamitin ang E-Gramatika.
Panuto sa Paggamit ng QR Code	Mas naging malinaw ang mga pahayag sa paggamit ng QR Code. Mas madaling makita ang panuto

Ang rebisyon o pagpapayaman sa kagamitang pampagtuturo ay mahalaga upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon at mapanatag ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo. Ito ay naglalayong mapabuti ang mga estratehiya ng pagtuturo, masiguro ang mga tamang impormasyon at konteksto. Ang pinagyamang E-Gramatika ay sinuri at binago batay sa mga isinagawang balidasyon at suhestiyon ng mga dalubguro. Ito ay ang sumusunod:

Disenyo at Layout

Ang disenyo at layout ng E-Gramatika ay binago at higit na pinaganda. Ito ay nagtataglay ng payak at sapat na istilo ng teksto at sukat na may kaugnayan sa teksto na higit na makatutulong upang magkaroon ng kawili-wiling pag-aaral. Ang mga ginamit na disenyo ay orihinal na ginawa ng mananaliksik alinsunod sa pamantayan sa pagbuo ng modyul at pinagtibay ng mga dalubhasa.

Ilustrasyon

Higit na naging kanais-nais at malikhain ang mga ginamit na ilustrasyon sa E-Gramatika. Ang larawang ginamit sa pabalat na bahagi ay larawan ng ilang mag-aaral na gumamit ng modyul. Ang mga guhit at larawan ay ginawang payak at madaling makita at naaangkop sa mga pahayag para sa bawat ilustrasyon. Ang mga ilustrasyon ay may kaugnayan sa bawat paksa.

Kinalalagyan ng QR Code

Ang QR Code ay inilagay sa mas madaling makita ng mga mag-aaral. Ito rin ay nakalagay sa bahaging nakalagay ang pamagat ng modyul. Ang gamit ng QR code na ito ay upang mapadali ang pag-access ng mga video sa bawat aralin. Hindi na kailangang pang itala sa website sapagkat direkta ng daldalhin ng QR code sa video pagkatapos mong i-scan.

Panuto sa Paggamit Nito

Ang QR code na kinakailangang i-scan sa E-Gramatika na naglalaman ng bidyo ng bawat paksa ay makikita bago ang *aralin*. Nakatala kasama ng QR code ang panuto kung paano ito gagamitin. Makikita rin sa unang bahagi ng modyul ang paalala na ang E-Gramatika ay naglalaman ng bidyo lesson ng paksang nakapaloob dito. Sa pangkalahatan, ang mga rebisyong ginawa sa E-Gramatika ay higit na makatutulong sa mas mabisa at kapakipakinabang na gamit nito. Higit itong naging kaaya-aya at kawili-wiling gamitin dahil sa payak, malinaw at angkop na disenyo at ilustrasyon at QR Code ng bidyo ng aralin.

Sa pamamagitan ng mga makabago at interaktibong teknolohiya, ang E-Gramatika ay naglalayon ding gawing mas nakaaaliw at nakakapukaw-sigla ang proseso ng pag-aaral ng wika. Maaaring magamit ang mga multimedia resources at iba pang teknolohiya upang mapalawak ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino sa iba't ibang konteksto.

Panimula

Sa pag-aaral gamit ang E-Gramatika, inaasahang mapapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng wikang Filipino, makakamit ang mataas na antas ng pag-unawa sa gramatika, at magiging mas komportable sa pakikipag-usap at pagsulat gamit ang kanilang sariling wika. Ang kaibahan ng E-Gramatika sa ginagamit na modules ng Kagawaran ng Edukasyon ay may pagsulong ng teknolohiya, ang E-Gramatika ay isa sa mga modernong kagamitang magbibigay-daan sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto ng gramatika Filipino, na may pokus sa pag-unlad ng kasanayan sa komunikasyon at pagsusulat ng mga mag-aaral dahil sa QR code na nakalaan upang makita ang video na ginawa ng mananaliksik.

Ang E-Gramatika ay naglalaman ng iba't ibang modules na may layuning tulungan ang mga guro sa pagtuturo ng Filipino, partikular na sa aspeto ng gramatika. Narito ang ilang halimbawa ng posibleng nilalaman ng E-Gramatika. 1) Magbibigay ng pangunahing kaalaman sa mga mag-aaral ukol sa mga balarila o tuntunin ng wika. Makikilala ang mga pangunahing bahagi ng pananalita tulad ng pandiwa, pangngalan, pang-uri, at iba pa. Maipapakita ang wastong paggamit ng mga ito sa mga pangungusap, 2) Isang module na naglalayong magbigay ng mga pagsasanay upang matutunan ng mga mag-aaral ang pagkilala sa mga iba't ibang bahagi ng pananalita sa mga pangungusap. 3) Ito ay magbibigay ng mga hakbang at pagsasanay sa pagbuo ng wastong pangungusap gamit ang tamang mga bahagi ng pananalita. Maaaring isama ang pagsasanay sa pagkakaiba ng mga aspekto ng pandiwa at iba pang mga struktura ng pangungusap. 4) Isang module na naglalayong ituro ang mga iba't ibang uri ng tayutay sa Filipino at kung paano ito maaring gamitin sa pagsusulat at pakikipag-usap, 5) Magbibigay ng mga hakbang at gabay sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sanaysay tulad ng naratibo, deskriptibo, argumentatibo, at iba pa. Maaaring isama ang mga tips sa paggamit ng wastong balarila at pagbuo ng mabuting pangungusap 6). Magbibigay ng mga pagsasanay at role-playing activities para sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa wastong pagsasalita at pakikipag-usap gamit ang Filipino 7). Magbibigay ng mga pagsasanay at estratehiya para sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral na banyaga o may ibang wika bilang pangalawang wika.

Pangkalahatang Layunin

Ang interbensyon sa pagtuturo ng Balarilang Filipino ay mayroong layunin panglahat na mapabuti ang pagkatuto at paggamit ng wikang Filipino sa larangan ng balarila. Ang mga layunin na ito ay maaaring sumusunod:

- Pagpapanatili ng kultura at identidad: Ang pag-aaral ng Balarilang Filipino ay naglalayong mapanatili ang kultura at identidad ng mga Pilipino. Ito ay isang paraan upang maunawaan at maipahayag ang mga halaga, tradisyon, at karanasan ng bansa.
- Pagpapalawak ng bokabularyo: Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Balarilang Filipino, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na palawakin ang kanilang bokabularyo. Ang mas malawak na bokabularyo ay makakatulong sa kanila na maging mas ekspresibo at malinaw sa kanilang komunikasyon.
- Pagpapalakas ng kasanayan sa pagsasalita: Ang tamang paggamit ng wika, kasama na ang Balarilang Filipino, ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging mahusay na tagapagsalita. Ang interbensyon sa pagtuturo ng Balarilang Filipino ay naglalayong mapabuti ang pagsasalita ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasanay sa tamang tono, kahusayan sa retorika, at pagpapahalaga sa mga detalye ng pagpapahayag.
- Pagpapahalaga sa malikhaing pagsulat: Ang pag-aaral ng Balarilang Filipino ay naglalayong mabigyang-diin ang kahalagahan ng malikhaing pagsulat. Sa pamamagitan ng interbensyon sa pagtuturo, ang mga mag-aaral ay mahihikayat na magamit ang kanilang imahinasyon at magsulat ng mga sining na teksto tulad ng tula, maikling kuwento, o sanaysay.
- Pagpapalakas ng pag-unawa sa panitikan: Ang pag-aaral ng Balarilang Filipino ay naglalayong

mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa at pag-aanalisa ng panitikan. Ang interbensyon sa pagtuturo ay maaaring magbigay ng mga kasanayang pangbalarila na tutulong sa mga mag-aaral na maunawaan at masiyahan sa pag-aaral ng iba't ibang akda ng panitikan.

Mga Tiyak na Layunin:

Narito ang ilang mga tiyak na layunin o partikular na layunin sa interbensyon sa pagtuturo ng Balarilang Filipino:

- Palawakin ang kaalaman sa tuntunin ng balarila: Layuning matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at magamit ng wasto ang mga pangunahing patakaran at estruktura ng Balarilang Filipino. Ito ay kinabibilangan ng mga tuntunin sa wastong pagbaybay, gramatika, morpolohiya, sintaks, at iba pang kaugnay na aspekto ng wikang Filipino.
- Magbigay ng pagsasanay sa wastong gamit ng mga panghalip, pang-uri, at iba pang bahagi ng pananalita: Layuning matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang tamang paggamit ng mga bahagi ng pananalita sa konteksto ng Balarilang Filipino. Ito ay maaaring kasama ang wastong paggamit ng panghalip, pang-uri, pang-abay, at iba pang mga salita o bahagi ng pananalita.
- Maglaan ng mga gawain at pagsasanay para sa retorika at komunikasyon: Layuning matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kahusayan sa pagsasalita at pagsulat ng Balarilang Filipino. Ito ay maaaring kasama ang pagsasanay sa tamang tono, intonasyon, pagpapahayag ng mga ideya, at pagbuo ng magandang komposisyon.
- Magbigay ng kasanayan sa malikhaing pagsulat: Layuning matulungan ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang sarili sa pamamagitan ng malikhaing pagsulat gamit ang Balarilang Filipino. Ito ay maaaring kasama ang pagsasanay sa pagsulat ng tula, maikling kuwento, sanaysay, o iba pang sining na teksto.
- Magkaroon ng malalim na pag-unawa at pag-appreciate sa mga akda ng panitikan: Layuning matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at ma-appreciate ang mga akda ng panitikan na nakasulat sa Balarilang Filipino. Ito ay maaaring kasama ang pagsasanay sa pagbasa, pagsusuri, at interpretasyon ng iba't ibang akda tulad ng maikling kwento, dula, nobela, o tula.

4. Konklusyon at rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan nabuo ang sumusunod na konklusyon: May na mga natatanging itinatampok ang nabuong kagamitang pampagtuturo. Balido sapagkat naaangkop ito sa kasanayang balarilang Filipino sa Baitang 9. Iba't ibang karanasan sa paggamit ng E-Gramatika ang naranasan ng mga mag-aaral. Ang naipanukalang gawain na E-Gramatika: Elektronikong Modyul sa Pagtuturo ng Balarilang Filipino ay maaaring tanggapin at ipatupad.

Batay sa mga konklusyon na nabanggit, narito ang mga rekomendasyon: Maaaring ipagpatuloy ang paggamit ng mga modyul at iba pang kagamitang pampagtuturo bilang epektibong kasangkapan sa pagkatuto ng Balarilang Filipino. Gamitin ang nabuong kagamitang pampagtuturo sa pagkatuto ng balarilang Filipino sa Baitang 9. Ang mga positibong karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika ay mas lalong pagyabungin habang ang mga negatibong karanasan ay bigyan ng pansin upang hindi ito maging hadlang sa paggamit ng E-Gramatika. Ang napanukalang kagamitang pampagtuturo ay maaaring tanggapin at gamitin sa pagtuturo ng balarilang Filipino sa baitang 9. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kagamitang pampagtuturo sa balarilang Filipino.

5. Talasanggunian

Aniciete, Lionell (2019). *Kasanayan sa Gramatika sa Pagsulat Ng Konseptong Papel Ng Mga Mag-aaral Na*

Nasa Grade 11 Sa Upland Integrated National High School

- Astorga Jr, E. R., & Vertucio, H. D. (2016). *Instructional Materials in Filipino Rhetoric: A Source of Educational Excellence in Filipino Curriculum*.
- Brulley, Y. (2015). 21st century education: a practical application of the 4cs in the Mexican EsL classroom. Kinuha mula sa <https://www.scribd.com/document/348462375/Arti-cle-4cs-Yohann-brulley-11-5-2015>
- Conole, G. (w.p.). the 7cs of learning de-sign – a new approach to rethink-ing design practice. Kinuha mula sa <http://www.lancaster.ac.uk/fss/organisations/netlc/past/nlc2014/abstracts/pdf/conole.pdf>
- Crompton, H., 2013. A Historical Overview of M-Learning: Toward Learner-Centered Education. In Z. Berge & L. Muilenburg (Eds.), *Handbook of mobile learning* (pp. 3-14). Routledge, NewYork, USA
- Cuenca, M. (2021). *Modular Distance Learning: Its Advantages and Disadvantages*. Pressreader.com.
- Dimas, V. D., Desaliza, L. F., Gabito, K. C., Mostera, J. M. B., & Estera, J. E. D. (2022). Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-Aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban. *Puissant*, 3, 520-537.
- Estera, J. E. D., Hiban, R. M. G., Atractivo, A. G., Enraca, B. J. D., Enconado, L. R., & Raguin, M. S. D. (2023). Tulong-Dunong ng Information and Communications Technology sa Modular Learning ng mga Mag-Aaral. *Puissant*, 4, 950-962.
- Forslund Frykedal, K., & Hammar Chiriac, E. (2017). Student collaboration in group work-Inclusion as active participation. In *ISATT 2017–18th Biennial Conference on Teachers and Teaching 3-7 July 2017, University of Salamanca, Spain*.
- Gualter, D. (2019). Buklet Pampagtuturo sa Filipino Grado 7 sa Dibisyon ng Lungsod ng Batangas. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(5).
- Gudinavičius, A., & Šuminas, A. (2018). Choosing a book by its cover: analysis of a reader's choice. *Journal of Documentation*, 74(2), 430-446.
- Hayati, N. (2015). A study of English language learning beliefs, strategies, and English academic achievement of the ESP students of STIENAS Samarinda. *Dinamika Ilmu*, 15(2), 297-323.
- Lachica, Veneranda (1999). *Wika at Retorika*. Manila.MK Imprint. Lungsod Quezon
- Magulod Jr, G. C. (2019). Learning styles, study habits and academic performance of Filipino University students in applied science courses: Implications for instruction. *JOTSE: Journal of Technology and Science Education*, 9(2), 184-198.
- Misa, Rex. (2021), *Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University*, AJSSR, Volume-5, Issue-10, pp-58-68
- Owusu, P., & Essel, G. (2017). Causes of students' stress, its effects on their academic success, and stress management by students (unpublished manuscript). Seinäjoki University of Applied Sciences, Finland.
- Pons, D. (2011). QR Codes in Use: The Experience at The UOV Library. *Serials-24* (3), 47- 56.
- Resuello, M. R., & Funclara, R. D. (2021). Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino.
- Rossiter, A. (2021). The Importance of Grammar. *Online Submission*.
- Uriarte, V. (2019). Pagbuo Ng Modyul Sa Pagtuturo Sa Filipino 7. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2F)
- Vitoria, L., Mislinawati, M., & Nurmasiyah, N. (2018, September). Students' perceptions on the implementation of e-learning: Helpful or unhelpful?. In *Journal of Physics: Conference Series* (Vol. 1088, p. 012058). IOP Publishing.
- Yazon, A. D. (2018). Validation and effectiveness of module in assessment of students learning. *International Journal of Science and Research*, 7(2), 1833-1836.
- Yulando, S., Sutopo, S., & Franklin Chi, T. (2019). Electronic Module Design and Development: An Interactive Learning. *American Journal of Educational Research*, 7(10), 694-698.
- Zulueta, F. (2006). *Principles and methods of teaching*. National Book Store

